# EDUKASYON, HINDI KORAPSYON!

# PANAGUTIN SI MARCOS AT DUTERTE!

Habang patuloy na lumulubha ang krisis sa kabuhayan, pinapabayaan ng administrasyong Marcos Jr. at Duterte ang sektor ng edukasyon.

Sa halip na dagdagan ang pondo para sa mga paaralan, guro, at estudyante, inuuna ng gobyerno ang mga proyektong pinagmumulan ng **korapsyon**, **militarisasyon**, at **luho ng mga opisyal**. Sa ganitong kalakaran, lalong nalulugmok sa kahirapan ang kabataan at mamamayan.

Noong nakaraang taon, **lumobo ang kakulangan sa pondo para sa Free Higher Education (FHE)** ng mga state universities and colleges (SUCs) sa ₱12.3 bilyon. Matapos ang matinding panawagan ng mga estudyante, guro, at progresibong mambabatas, napilitang pondohan ng Kamara ang buong halaga mula sa mga inalis na pondo ng mga tiwaling proyekto ng DPWH. Tagumpay ito ng pagkilos, ngunit nananatiling kulang ang badyet ng edukasyon para sa 2026. Sa University of the Philippines, halimbawa, bumaba ang panukalang pondo mula ₱46.8 bilyon tungo sa ₱27.3 bilyon— isang malinaw na indikasyon ng **pagbabalewala sa karapatan sa edukasyon.**

Kasabay nito, ibinunyag ni ACT Teachers Rep. Antonio Tinio na si **Marcos Jr. mismo ang personal na nag-apruba** ng halos 4,000 proyekto ng Department of Public Works and Highways na nagkakahalaga ng **₱214.4 bilyon mula sa tinatawag na unprogrammed appropriations** — mga pondong hindi dumaan sa Kongreso at walang malinaw na detalye kung saan ginamit. Habang pinipigilan ng gobyerno ang mga SUC na humingi ng karagdagang pondo, tahimik namang binubuksan ni Marcos ang pinto sa daan-daang bilyong piso para sa mga proyektong puno ng anomalya. Ipinapakita nitong may sapat na pondo para sa edukasyon, ngunit sadyang inuuna ng administrasyon ang pansariling interes at katiwalian.




Hindi rin ligtas si Vice President Sara Duterte sa pananagutan. Paulit-ulit siyang lumiban sa deliberasyon ng ₱902 milyong badyet ng Office of the Vice President, bagay na tinawag ni Rep. Tinio na pambabastos sa Kongreso at sa taumbayan. Sa halip na harapin ang tanong ukol sa kanyang paggamit ng confidential at intelligence funds, patuloy siyang umiiwas at nagpapalusot.

# EDUKASYON PARA SA LAHAT
# SINGILIN ANG MGA KORAP
# IPAGLABAN ANG KINABUKASAN

Samantala, ginagamit ng kanyang tanggapan at ng **NTF-ELCAC** ang pondo ng bayan upang **patahimikin ang mga kritiko at aktibista.** Ang mga pondong dapat mapunta sa edukasyon at serbisyong panlipunan ay ginagawang sandata laban sa mamamayan.

Sa gitna ng lahat ng ito, nagpapatuloy ang mga kabataan at mamamayan sa panawagan: **ITIGIL ANG KORAPSYON, SINGILIN ANG MGA RESPONSABLE, AT IBALIK ANG PONDO NG TAUMBAYAN.** Hindi maaaring palampasin ang tahasang pang-aabuso ni Marcos sa pondo ng unprogrammed appropriations at ang kawalang-pananagutan ni Duterte sa OVP. Habang milyon-milyon ang nagugutom at nag-aaral sa sira-sirang silid-aralan, sila ay nagpapakasasa sa buwis ng bayan.

Kailangang **panagutin si Marcos Jr. at Sara Duterte** sa sistematikong pagnanakaw at pagpapabaya sa edukasyon. Hindi sila simbolo ng pamumuno, kundi ng bulok na sistemang nagkukubli sa likod ng mga proyekto at pangakong hungkag. Sa halip na maglingkod, ginagamit nila ang pondo para sa sarili at mga kaalyado.

Ngayon higit kailanman, dapat igiit ng mamamayan na ang **pondo ng bayan ay para sa kabataan at edukasyon**, hindi sa korapsyon, militar, o bulsa ng iilan. Itaas ang badyet sa edukasyon at serbisyong panlipunan! Ibasura ang confidential funds! **Buwagin ang NTF-ELCAC! Panagutin si Marcos at Duterte!**

**SUMALI SA UP ACTION LOS BAÑOS AT SA MGA SUSUNOD NA PAGKILOS PARA ITAAS ANG BADYET SA EDUKASYON!**

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
ACTION
LOS BAÑOS

## Makiisa sa Youth Day of Action

**October 17, 2025**
**2 PM**
**Carabao Park, UPLB**